

Pahintulot Para sa Pagpapalabas ng Impormasyon/Abiso ng Batas sa Pagkapribado ng U.S. Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod at ang Ahensiya ng Pabahay/Awtoridad (HA)

Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod, Tanggapan ng Pabahay sa Publiko at Indiyano ng U.S.

PHA o IHA na humihiling sa pagpapalabas ng impormasyon (buong address, pangalan ng kontak na tao, at petsa):

Awtoridad: Seksyon 904 ng Stewart B. Mga Susog Batas ng Tulong sa Walang Bahay ng McKinney (McKinney Homeless Assistance Amendments Act) ng 1988, bilang sinusugan ng Seksyon 903 ng Batas sa Pabahay at Pag-unlad ng Pamayanan (Housing and Community Development) ng 1992 at Seksyon 3003 ng Batas sa Omnibus na Rekonsilyasyon ng Badyet (Omnibus Budget Reconciliation Act) ng 1993. Matatagpuan ang batas na ito sa 42 U.S.C. 3544. Nag-aatas sa iyo ang batas na ito na lumagda sa isang form ng pahintulot na nagpapahintulot sa: (1) HUD, at ang Ahensiya ng Pabahay/Awtoridad (HA) na humiling ng pagpapatunay ng suweldo at mga sahod mula sa kasalukuyan o dating mga employer; (2) HUD at ang HA na humiling ng impormasyon sa claim ng sahod at kabayaran sa kawalan ng trabaho mula sa ahensiya ng estado na responsable sa pag-iingat ng impormasyong iyon; at (3) HUD na humiling ng ilang impormasyon sa tax return mula sa Pangasiwaan ng Social Security ng U.S. at ang Serbisyo ng Rentas Internas ng U.S.

Seksyon 104 ng Batas sa Oportnidad ng Pabahay at Modernisasyon (Housing Opportunity and Modernization) ng 2016. Matatagpuan ang mga nauugnay na probisyon sa 42 U.S.C. 1437n. Inaatasan ka ng batas na ito na lumagda sa isang form ng pahintulot na nagpapahintulot sa HA na humiling ng pagpapatunay ng anumang rekord ng pananalapi mula sa anumang mga institusyon ng pananalapi gaya ng tinukoy sa Batas ng Karapatan sa Pagkapribado ng Pananalapi (Right to Financial Privacy Act) (12 U.S.C. 3401)), sa tuwing matukoy ng HA na kailangan ang rekord upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng aplikante o kalahok para sa tulong o antas ng mga benepisyo.

Layunin: Sa paglagda sa form ng pahintulot na ito, pinahihintulutan mo ang HUD at ang pinangalanang HA sa itaas na humiling ng impormasyon sa kita mula sa mga mapagkukunan na nakalista sa form. Kailangan ng HUD at ng HA ang impormasyong ito upang mapatunayan ang kita ng iyong sambahayan, para matiyak na karapat-dapat ka para sa mga benepisyo ng tinutulungan sa pabahay at na nakatakda sa tamang antas ang mga benepisyong ito. Maaaring lumahok ang HUD at ang HA sa mga programa sa pagtutugma ng computer sa mga mapagkukunang ito upang mapatunayan ang iyong pagiging karapat-dapat at antas ng mga benepisyo.

Mga Gamit ng Impormasyong Makukuha: Kinakailangan ang HUD na protektahan ang impormasyon ng kita na nakukuha nito alinsunod sa Batas sa Pagkapribado (Privacy Act) ng 1974, 5 U.S.C. 552a Maaaring ibunyag ng HUD ang impormasyon (maliban sa impormasyon sa tax return) para sa ilang karaniwang paggamit, tulad ng sa ibang mga ahensiya ng gobyerno para sa mga layunin ng pagpapatunay ng batas, sa mga ahensyang Pederal para sa mga layunin ng pagiging angkop sa trabaho at sa mga HA para sa layunin ng pagtukoy ng tulong sa pabahay. Kinakailangan din ng HA na protektahan ang impormasyon ng kita na nakukuha nito alinsunod sa anumang naaangkop na batas sa pagkapribado ng Estado. Maaaring mapatawan ng mga parusa ang mga empleyado ng HUD at HA para sa mga hindi awtorisadong pagsisiwalat o hindi wastong paggamit ng impormasyon sa kita na nakuha batay sa form ng pahintulot. **Hindi maaaring humiling o tumanggap ng impormasyong pinahintulutan ng form na ito ang mga pribadong may-ari.**

Sino ang Dapat Lumagda ng Form ng Pahintulot: Dapat lumagda sa form ng pahintulot ang bawat miyembro ng iyong pamilya na 18 taong gulang o mas matanda. Dapat makuha ang mga karagdagang lagda mula sa mga bagong miyembrong nasa hustong gulang na sumasali sa pamilya o sa tuwing magiging 18 taong gulang ang mga miyembro ng pamilya.

Kinakailangang lagdaan ng mga taong nag-aaplay o tumatanggap ng tulong sa ilalim ng mga sumusunod na programa ang form ng pahintulot na ito:

Pamublikong Pabahay
Butser ng Piling Pabahay
Seksyon 8 Katamtamang Rehabilitasyon

Pagkabigong Lagdaan ang Form ng Pahintulot: Maaaring magresulta sa pagtanggap sa pagiging karapat-dapat o pagwawakas ng mga benepisyo sa tinutulungang pabahay, o pareho ang iyong pagkabigo na lagdaan ang form ng pahintulot. Napapailalim ang pagtanggap sa pagiging karapat-dapat o pagwawakas ng mga benepisyo sa mga pamamaraan ng karainan ng HA at mga pamamaraan ng impormal na pagdinig ng Seksyon 8.

Pagbawi ng pahintulot: Kung bawiin mo ang pahintulot, hindi mapatunayan ng PHA ang iyong impormasyon, bagama't ang mga pagtutugma ng data sa pagitan ng HUD at iba pang mga ahensiya ay patuloy na awtomatikong magaganap sa Sistema ng Pagpapatunay sa Kita ng Negosyo (Enterprise Income Verification, EIV) kung hindi ma-terminate ang pamilya mula sa programa.

Mga Pinagmumulan ng Impormasyong Makukuha

Mga Ahensiya ng Pangongolekta ng Impormasyon sa Sahod ng Estado. (Limitado ang pahintulot na ito sa sahod at kabayaran sa kawalan ng trabaho na natanggap ko noong nakatanggap ako ng mga tulong na benepisyo sa pabahay.)

Pangasiwaan ng Social Security ng U.S. (HUD lang) (Limitado ang pahintulot na ito sa impormasyon sa sahod at sariling-trabaho at mga pagbabayad ng kita sa pagreretiro gaya ng isinangguni sa Seksyon 6103(I)(7)(A) ng Kodigo ng Rentas Internas o Internal Revenue Code.)

Pangasiwaan Ng Serbisyo ng Rentas Internas ng U.S. (HUD lang) (Limitado ang pahintulot na ito sa hindi kinita na kita [ibig sabihin, interes at mga dibidendo].)

Maaari ding direktang makuha ang impormasyon mula sa: (a) kasalukuyan at dating employer tungkol sa suweldo at mga sahod; at (b) mga institusyon ng pananalapi gaya ng tinukoy sa Batas ng Pagkapribado sa Pananalapi (Right to Financial Privacy Act) (12 U.S.C. 3401), sa tuwing matukoy ng HA ang mga rekord na kailangan upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng aplikante o kalahok para sa tulong o antas ng mga benepisyo. Nauunawaan ko na gagamitin ang impormasyon ng kita na nakuha mula sa mga mapagkukunang ito upang patunayan ang impormasyong ibinibigay ko sa pagtukoy ng pagiging karapat-dapat para sa mga programang tinutulungan na pabahay at ang antas ng mga benepisyo. Samakatuwid, pinapahintulutan lamang ng form ng pahintulot na ito ang pagpapalabas ng impormasyon nang direkta mula sa mga employer at institusyon ng pananalapi.

Pahintulot: Pinahihintulutan ko na payagan ang HUD o ang HA na humiling at makakuha ng impormasyon sa kita mula sa mga mapagkukunan na nakalista sa form na ito para sa layunin ng pagpapatunay ng aking pagiging karapat-dapat at antas ng mga benepisyo sa ilalim ng mga programang tinulungan ng HUD sa pabahay. Nauunawaan ko na ang mga HA na tumatanggap ng impormasyon ng kita sa ilalim ng form ng pahintulot na ito ay hindi maaaring gamitin ito para tanggihan, bawasan o wakasan ang tulong nang hindi muna independiyenteng patunayan kung ano ang halaga, kung ako ay aktwal na may akses sa mga pondo at kung kailan natanggap ang mga pondo. Bilang karagdagan, dapat akong bigyan ng pagkakataon na salungatin ang mga pagpapasiya na iyon.

Mananatiling epektibo ang form ng pahintulot na ito hanggang sa pinakamaaga ng (i) ang pagbibigay ng panghuling salungat na desisyon para sa isang aplikante ng tulong; (ii) ang pagtigil ng pagiging karapat-dapat ng isang kalahok para sa tulong mula sa HUD at ng PHA; o (iii) Ang hayagang pagbawi ng aplikante o tatanggap ng tulong (o naaangkop na miyembro ng pamilya) ng pahintulot, sa nakasulat na abiso sa HUD o sa PHA.

Mga lagda:

Pinuno ng Sambahayan	Petsa		
Numero ng Social Security (kung mayroon man) ng Pinuno ng Sambahayan		Iba pang Miyembro ng Pamilya na mahigit sa 18 taong gulang	Petsa
Asawa	Petsa	Iba pang Miyembro ng Pamilya na mahigit sa 18 taong gulang	Petsa
Iba pang Miyembro ng Pamilya na mahigit sa 18 taong gulang	Petsa	Iba pang Miyembro ng Pamilya na mahigit sa 18 taong gulang	Petsa
Iba pang Miyembro ng Pamilya na mahigit sa 18 taong gulang	Petsa	Iba pang Miyembro ng Pamilya na mahigit sa 18 taong gulang	Petsa

Advisory sa Pagkapribado. Awtoridad: Ang Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod (Department of Housing and Urban Development, HUD) ay awtorisadong kolektahin impormasyon na ito sa pamamagitan ng Batas sa Pabahay ng U.S. ng 1937 (42 U.S.C. 1437 et. seq.), Title VI ng Batas sa Karapatang Sibil (Civil Rights Act) ng 1964 (42 U.S.C. 2000d), at sa pamamagitan ng Batas sa Patas na Pabahay (Fair Housing Act) (42 U.S.C. 3601-19). Layunin: Pinahihintulutan ng form na ito ang HUD at ang pinangalanang HA sa itaas na humiling ng impormasyon sa kita para patunayan ang kita ng iyong sambahayan para matiyak na karapat-dapat ka para sa mga benepisyo ng tinutulunganng pabahay at nakatakda sa tamang antas ang mga benepisyong ito. Maaaring magresulta sa pagkaantala o pagtanggap sa iyong pag-apruba sa pagiging karapat-dapat ang pagkabisigong ibigay ang alinman sa hiniling na impormasyon.

Mga Parusa para sa Maling Paggamit ng Pahintulot na ito: Ang HUD at ang HA (o sinumang empleyado ng HUD o ang HA) ay maaaring mapatawan ng mga parusa para sa mga hindi awtorisadong pagsisiwalat o hindi wastong paggamit ng impormasyong nakolekta batay sa form ng pahintulot. Limitado sa mga layuning binanggit sa form na HUD 9886 ang paggamit ng impormasyong nakolekta batay sa form na HUD 9886. Ang sinumang tao na sinadya o kusang humiling, kumuha, o nagsiwalat ng anumang impormasyon sa ilalim ng maling pagpapanggap tungkol sa isang aplikante o kalahok ay maaaring sumailalim sa isang misdemeanor at pagmultahin ng hindi hihigit sa \$5,000. Ang sinumang aplikante o kalahok na apektado ng pabaya na pagsisiwalat ng impormasyon ay maaaring magsampa ng sibil na aksyon para sa mga pinsala, at humingi ng iba pang kaluwagan, bilang maaaring naaangkop, laban sa opisyal o empleyado ng HUD o ng HA para sa hindi awtorisadong pagsisiwalat o hindi wastong paggamit.

Pahayag sa Pasanin ng OMB. Tinatantya na 0.16 na oras ang pasanin sa pampublikong pag-uulat para sa pangongolekta ng impormasyong ito para sa mga bagong admisyon at .08 na oras para sa mga miyembro ng sambahayan na magiging 19 taong gulang, kabilang ang oras para sa pagsusuri, paghahanap ng mga kasalukuyang pinagmumulan ng data, pangangalap at pagpapanatili ng data na kailangan, at pagkumpleto at pagsusuri sa koleksyon ng impormasyon. Kinakailangan para sa mga layunin ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat sa programa ang pagkolekta ng impormasyong kita at mga ari-arian. Mahalaga ang pagsusumite ng form ng pahintulot (form-HUD 9886) para maisagawa ng mga PHA ang mga kinakailangan ng Seksyon 904 ng Stewart B. Batas sa mga Susog ng Tulong sa Walang Bahay ng McKinney (McKinney Homeless Assistance Amendments Act) ng 1988, bilang sinusugan ng Seksyon 903 ng Batas sa Pabahay at Pag-unlad ng Pamayanan (Housing and Community Development) ng 1992 at Seksyon 3003 ng Batas sa Omnibus na Rekonsilyasyon ng Badyet (Omnibus Budget Reconciliation Act) ng 1993 (42 U.S.C. 3544) at Seksyon 104 ng HOTMA para matiyak na mapapatunayan ng HUD at PHA ang pagiging kwalipikado at impormasyon ng kita para sa mga aplikante at kalahok. Protektado ang koleksyon ng impormasyon na ito mula sa pagsisiwalat ng Batas sa Pagkapribado (Privacy Act). Magpadala ng mga komento tungkol sa pagtatantya ng pasanin na ito o anumang iba pang aspeto ng koleksyon ng impormasyong ito, kabilang ang mga mungkahi para bawasan ang pasanin na ito, sa Tanggapan ng Pabahay sa Publiko at Indiyano (Office of Public and Indian Housing), ng Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod, Washington, DC 20410. Kapag nagbibigay ng mga komento, mangyaring sumangguni sa Num. sa Pag-apruba ng OMB 2577-0295. Maaaring hindi magsagawa at mag-isponsor ang HUD, at hindi kinakailangang tumugon ang isang tao, sa koleksyon ng impormasyon maliban kung nagpapakita ng wastong control number ang koleksyon.